

## Southeast Community Center

### Misyon at Layunin

Ang misyon ng San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC) ay bigyan ang aming mga customer ng de-kalidad, episyente at maaasahang mga serbisyo sa tubig, kuryente, at sewer sa paraang isinasama ang mga pangkapoligiran at pangkomunidad na interes at nangangalaga sa mga mapagkukunang ipinagkatiwala sa amin.

Itinayo ng Lungsod at County ng San Francisco (sa kaso na ito, ang lungsod) ang Southeast Community Center (SECC) sa 1800 Oakdale upang pagaanin, sa bahagi, ang masamang epekto sa kapaligiran at lipunan ng pagtatayo ng proyektong pagpapalawak ng Southeast Treatment Plant noong 1970s at 1980s sa pamamagitan ng pagbibigay ng mabisang pagsasanay ng mga manggagawa, edukasyonal, komunidad, at pangmamamayan na mga pagkakataon sa pakikipag-ugnayan.

Naaayon sa misyon ng SFPUC, pahayag ng patakaran sa hustisyang pangkapoligiran at layuning benepisyo ng komunidad, nag-aalok ang SECC ng espasyong pulungan sa publiko para sa layuning edukasyonal, kultural, pangmamamayan, at libangan, napapailalim sa mga tuntunin sa ibaba.

Ang katotohanan na ang isang organisasyon o indibidwal ay pinahintulutang mag-host, magpadaloy o gumawa ng isang ganap sa SECC ay hindi nangangahulugan ng isang pag-endorso ng Lungsod, SFPUC, mga tauhan nito, ang advisory commission ng SECC o ang San Francisco Public Utilities Commission sa organisasyon o paniniwala ng indibidwal. Puwedeng magpatupad ang SECC ng mga makatwirang kondisyon para sa paggamit ng kanilang mga espasyo na puwedeng ireserba para masigurado na hindi mapipinsala ang pampubliko o pribadong ari-arian sa paggamit ng kanilang mga pasilidad. Sinisiguro rin ng SECC na hindi magagambala ang kaligtasan, kapakanan at kaginhawaan ng publiko.

Kung kayo, ang Nagrerereserbang Partido, ay naghahanap ng isang mura, madaling puntahan na lugar upang magdaos ng isang pagpupulong, mag-host ng isang ganap o magtrabaho nang tahimik mag-isa, tingnan ang aming mga espasyo ng ganap, mga silid-aralan, kuwarto para sa pagpupulong at lugar para sa pag-aaral. Nag-aalok kami ng iba't ibang pagpipilian na espasyo para sa paggamit ng publiko, at ang lahat ng aming mga pasilidad ay madaling puntahan ng mga taong may kapansanan na naaayon sa Americans with Disabilities Act (ADA).

## Lokasyon, Mga Oras, Mga Operasyon, at Online na Resources

### Address:

Southeast Community Center  
1550 Evans Avenue  
San Francisco, CA 94124

**Telepono:** 415-821-1534

**Website:** <https://sfpuc.org/SECC>

**Reserve Space:** <https://secc.recdesk.com/Community/Home>

**Mga Oras ng Negosyo:** Lunes – Biyernes, 9:00 AM hanggang 5:00 PM

**Building Hours ng Southeast Community Center:** Lunes - Biyernes, 7:00 AM hanggang 7:00 PM

**Mga Oras ng Ganap:** 7 Araw sa isang Linggo, 7:00 AM hanggang 10:00 PM

### Mga Puwedeng Ireserbang Espasyo

- Alex Pitcher Pavilion
- Multipurpose na mga Kuwarto (Bayview, Hunters Point, Visitation Valley)
- Double Rock Makers na Silid-aralan
- Potrero Hill Family na Kuwarto
- Ohlone Lawn

### Mga Amenity

- AV Technical System
- Kusina (Alex Pitcher na Kuwarto)
- Break Room

### Sistema ng Pagpapareserba

Dapat ay mayroon kayong reserbasyon para magamit ang puwedeng ireserba na mga espasyo sa Southeast Community Center (SECC). May tatlong paraan para makapapareserba: online sa aming sistema ng pagpapareserba, personal sa tauhan ng SECC, o sa telepono sa tauhan ng SECC. Kung kailangan ninyo ng tulong sa paggamit ng sistema ng pagpapareserba, mangyaring tumawag sa aming pangunahing linya.

Dahil ang mga reserbasyon ay kinakailangang gawin sa aming sistema ng pagpapareserba, kailangan ninyong gumawa ng isang account na angkop para sa inyong kahilingan sa pagpapareserba. Puwede ninyong ma-access ang sistema ng pagpapareserba sa pagsunod sa link na nasa ibaba:

<https://secc.recdesk.com/>

Kapag nagpapareserba nang personal o sa telepono, gagabayan kayo ng isang representative sa kabuuan ng proseso ng paggawa ng inyong profile.

Kung kinakatawan ninyo ang isang non-profit, for-profit, o entidad ng gobyerno, kailangan ninyong mag-upload ng nararapat na pangsuportang dokumentasyon na kinabibilangan ngunit hindi limitado sa (mga) dokumento sa isang opisyal na letterhead, sertipiko ng insurance na nakapangalan sa Lungsod at County ng San Francisco bilang karagdagang insured, at, para sa mga nonprofit na entidad, katunayan ng kasalukuyang 501(c)(3) na katayuan. Makakatulong ang pag-save ng dokumentasyon na ito sa account ninyo para makatulong sa pagsasaayos ng mga kahilingan sa pagpapareserba sa hinaharap. Mahigpit na ipinagbabawal ang paggamit ng account ng isang miyembro ng komunidad para magpapareserba para sa kahit anong entidad.

Nangangailangan ng isang waiver ng pananagutan at isang bayad-pinsala ang lahat ng reserbasyon na puwedeng pirmahan electronically sa pamamagitan ng sistema ng pagpapareserba o sa pamamagitan ng pagbibigay ng isang orihinal na pinirmahang dokumento sa tauhan ng SECC bago ang petsa ng reserbasyon.

Para gumawa ng mga pagbabago sa nagawa nang reserbasyon, mag-login sa **RecDesk** at i-update ang inyong kahilingan (hal., petsa, oras, at iba pa). Puwede rin kayong bumisita nang personal sa center o makipag-ugnayan sa amin sa telepono para sa karagdagang tulong. Kung ang kahilingan sa pagbabago ay para sa isang reserbasyon sa loob ng hindi lalagpas sa 14 araw, kakailanganin ang pag-apruba ng direktor at maaaring mapailalim sa karagdagang mga bayad batay sa hiniling na espasyo, oras, at laki ng ganap.

### **Mga Patakaran sa Pagreserba at Pamamaraan**

Ang sumusunod na outlines ang tiyak na mga patakaran at pamamaraan para sa Southeast Community Center (SECC). Kapag nagpapareserba, kayo, bilang Nagreserbang Partido, ay sumasang-ayon sa mga tuntunin at kundisyon sa ibaba. Kasama sa mga tuntunin at kondisyon na ito ngunit hindi limitado sa mga kinakailangan ng espesyal na ganap at patakaran sa pagkakansela, hindi inaasahang mga pangyayari, at iobligasyon ninyo na iwasan ang mga pinsala sa SECC at managot para sa mga aksiyon ng inyong mga bisita sa oras ng inyong reserbasyon.

### **Mga Tuntunin at Kondisyon**

#### **Pagkuha o Pagbabago ng isang Reserbasyon**

Kailangang maisumite ang mga reserbasyon sa pamamagitan ng aming sistema sa pagpapareserba, sa online man o personal, nang hindi bababa sa 14 araw na mas maaga. Ang mga bagong reserbasyon o pagbabago sa nagawa nang reserbasyon na may hindi bababa sa 14 araw na abiso ay kailangang gawin nang personal at napapasailalim ng pag-

aprubang direktor. Ang pag-apruba ng pagbabago ay batay sa availability, at ang reserbasyon ay maaaring mapasailalim sa karagdagan bayad batay sa hiniling na espasyo, oras, at laki ng ganap.

### **Prayoridad at Mga Kuwalipikadong Partido**

Hinahangad ng Southeast Community Center na palawakin ang access sa komunidad at hikayatin ang mga pagkakataon sa pakikipag-ugnayan. Available ang space pareho sa mga residente at hindi residente ng San Francisco indibidwal man, isang grupo ng mga indibidwal, mga organisasyon, o mga negosyo sa isang first come first serve na ayos.

Nang nasa isip ang "first-come, first serve na ayos", ang mga Southeast Sector na residente ng San Francisco ay palaging bibigyan ng prayoridad kung ang isang Southeast Sector na residente ng San Francisco, isang hindi Southeast Sector na residente ng San Francisco, at isang hindi residente ng San Francisco ay magpapareserba ng isang space nang sabay-sabay. Bibigyan ng prayoridad ang mga hindi Southeast Sector na residente ng San Francisco pagkatapos ng mga residente ng Southeast Sector ng San Francisco. Ang mga hindi residente ng San Francisco, organisasyon o mga negosyo ay magkakaroon ng antas ng prayoridad pagkatapos ng residente ng Southeast Sector, at hindi Southeast Sector na residente ng San Francisco. Halimbawa, kung ang isang hindi residente ng San Francisco at isang residente ng San Francisco ay parehong nagpareserba ng isang reserbasyon nang sabay, ang prayoridad ay ibibigay sa residente ng San Francisco. Pero kung nagpareserba ang isang hindi residente ng isang space bago magpareserba ang isang residente ng San Francisco ng isang space, ang "first-come, first-serve na ayos" ng availability ay susundin. Kaya ang hindi residente ng San Francisco ang makakatanggap ng prayoridad na katayuan. Bilang karagdagan, kung ang tao, grupo ng mga tao, mga organisasyon o mga negosyo ay nabigong magbigay ng kinakailangang dokumento at forms ng pagbabayad sa loob ng panahong inilaan para sa inireserbang space, ang space na iyon ay ibibigay sa susunod na residente. Tingnan ang Pagbabayad ng Deposito at Pagbabayad ng Bayad na mga seksyon sa ibaba para sa karagdagan detalye.

Ang "Southeast Sector" o Bayview-Hunters Point na komunidad ay binibigyang kahulugan na isang area na nasa timog ng timugang linya ng Army Street (Cesar Chavez Street), silangan ng silangang linya ng James Lick Freeway (kilala rin bilang U.S. Route 101), hilaga ng lungsod at linya ng hangganan ng county na ibinahagi sa San Mateo County, at kanluran ng San Francisco Bay.

### **Pagbabayad ng Deposito**

Kapag naaprubahan na ang inyong reserbasyon, mayroon kayong 14 araw para bayaran ang deposito ninyo, kung hindi ay tatanggihan ang inyong kahilingan at iaalok sa susunod na partido. Para sa mga kahilingan na wala pang 14 mga araw na advance, kailangang ibigay

ang deposito at bayad sa oras ng pagpapa-book. Ang mga bayad ay dapat gawin sa pamamagitan ng credit card o sertipikadong funds (hal. tseke ng cashier, tseke ng bangko, o money order).

Pagkatapos ng isang ganap na nireserba ng Nagrereresbang Partido, may 7 araw ng negosyo ang Southeast Community Center (SECC) para sabihan ang Nagrereresbang Partido kung may mga pinsala sa nireserbang espasyo. Kung walang mga pinsala sa nirentahang espasyo, ibalik ang mga deposito nang personal sa loob ng 7 hanggang 10 araw ng negosyo.

### **Pagbabayad ng Mga Bayad**

Ang lahat ng fees ay due 14 araw bago ang petsa ng ganap. Due ang mga deposito sa loob ng 3 araw ng pagkumpirma ng inyong reserbasyon. Ang mga bayad ay dapat gawin sa pamamagitan ng credit card o sertipikadong funds (hal. tseke ng cashier, tseke ng bangko, o money order).

### **Mga Oras at Araw ng Ganap**

#### ***Mga ganap ng weekday***

Available ang Southeast Community Center (SECC) na mag-host ng mga ganap mula 8:00 am hanggang 9:00 pm. Puwedeng simulan ang pag-setup nang hindi mas maaga sa 7:00 am, at ang dapat matapos ang pagliligpit bago ang 11:00 pm.

Sa kabuuan ng linggo, mananatiling bukas sa publiko ang SECC mula Lunes hanggang Biyernes mula 7:00 am hanggang 7:00 pm, bagaman hindi available sa publiko ang mga nireserbang espasyo sa loob ng mga oras na yaon. Dahil sa regular na naka-iskedyul na pagpupulong ng Komisyon, hindi posible ang mga ganap sa gabi tuwing ika-4 na Miyerkules ng buwan.

#### ***Mga ganap ng weekend***

Available ang SECC na mag-host ng mga ganap mula 8:00 am hanggang 9:00 pm. Puwedeng simulan ang pag-setup nang hindi mas maaga sa 7:00 am, at ang dapat matapos ang pagliligpit bago ang 11:00 pm.

### ***Pag-alam ng Habang Reserbasyon***

Dapat ireserba ang Alex Pitcher Pavilion at Amphitheater nang hindi bababa sa 3 oras. Ang anumang ganap na nangangailangan ng security ay dapat ireserba nang hindi bababa sa 4 oras. Ang iba pang mga reserbasyon ay dapat ireserba nang hindi bababa sa 2 oras. Isang indibidwal, isang grupo ng tao, mga organisasyon o mga negosyo ay puwede lamang magreserba nang 12 buwan na advance. Anumang lagpas sa 12 buwan ay mangangailangan ng pag-apruba ng SECC leadership. Puwedeng paminsan-minsang

ipahinto ng SECC ang mga reserbasyon para sa internal na pagpapalano at maintenance ng gusali.

### ***Account para sa Pag-setup at Pagliligpit***

Kasama sa oras ng reserbasyon ang pag-setup ng ganap at pagliligpit. Kapag nagpapareserba, mangyaring maglaan ng sapat na oras. Responsibilidad ng Reservation Party na iiskedyul ang oras ng pag-setup at pagliligpit. Halimbawa, kung ang inyong ganap ay nakaiskedyul na 1:00 pm hanggang 3:00 pm at kailangan ninyo ng 30 minuto para sa bawat pag-setup at pagliligpit, kailangan ninyong magsumite ng isang kahilingan ng reserbasyon na 12:30 pm hanggang 3:30 pm. Hindi namin magagarantiya ang anumang palugit sa pagitan ng mga reserbasyon para magbigay ng karagdagang oras para sa pag-setup/pagliligpit na hindi kasama sa reserbasyon.

Hindi pinahihintulutan ng Southeast Community Center (SECC) ang pagse-setup ng ganap bago ang araw ng ganap o magliligpit kinabukasan ng isang ganap. Ang reservation party ay hindi puwede at hindi dapat pumasok sa nireserbang space hanggat hindi pa ang kanilang oras ng pag-host ng ganap. Pagkatapos ng ganap, dapat nang umalis sa nireserbang space ang reservation party at ang kanilang mga bisita bago matapos ang oras ng kanilang pagreserba. Ang pagkabigo sa paggawa nito ay magdudulot ng karagdagang singil. Halimbawa, gustong mag-host ang isang Nagrerereserbang Partido ng isang birthday party sa isang tiyak na araw mula 4 pm hanggang 7 pm. Kung ang inireserba lamang ng Nagrerereserbang Partido ay 4 pm hanggang 7 pm, ang oras ng pag-setup at pagliligpit (gaano man katagal ang aabutin para matapos ng Nagrerereserbang Partido ang mga ito) ay dapat matapos sa loob ng 4 pm hanggang 7 pm.

### ***Patakaran ng Ganap Monitor at mga Bayad***

Nangangailangan ng isang ganap monitor ang lahat ng mga ganap sa Southeast Community Center (SECC). Tauhan ng SECC ang mga ganap monitors at hindi nag-uulat sa nagrerereserbang partido. Responsable ang mga monitor ng ganap na magbigay ng access sa nireserbang space, mag-setup at magliligpit ng ibinigay ng SECC na mga mesa at upuan, nagpapagana ng AV at mga sistema ng gusali ng SECC, at nagsisigurado na sumusunod ang ganap sa lahat ng mga tuntunin at regulasyon ng SECC. Puwedeng naroon ang event monitor sa kabuuan ng ganap. Ang mga reserbasyon na may oras na labas sa mga oras ng negosyo ay nangangailangang magbayad ng bayad kada oras ng event monitor na \$26.13. Walang exceptions, diskwento o waivers sa bayad sa event monitor. Halimbawa, kung ang isang reserbasyon ay nangyari mula 4 pm hanggang 9 pm, kailangang magbayad ang Reservation Party ng 2 oras na halaga ng event monitoring. Tingnan ang *Lokasyon, Mga Oras, Mga Operasyon, at Online na Resources* para sa iskedyul ng mga oras ng negosyo.

## **Patakaran ng Security at mga Bayad**

Nangangailangan ng security ang lahat ng mga ganap sa Southeast Community Center (SECC), at ang SECC security lamang ang puwedeng gamitin para sa mga reserbasyon. Ang tungkulin ng security ng SECC ay protektahan ang SECC at iwasan o iulat ang mga ilegal na aktibidad o mga hindi pinahintulutan na aktibidad sa SECC. Hindi personal na security para sa kahit sinong nagreserbang partido o kanilang mga bisita ang security ng SECC. Ang mga ganap sa loob ng mga oras ng negosyo para sa 100 katao o mas kaunti ay may security sa loob ng nireserbang oras na kasama bilang isang parte ng reserbasyon na walang karagdagang bayad. Isasama ang bayad kada oras ng security sa mga ganap na:

- Lagpas sa mga oras ng negosyo (kasama ang weekends), para sa mga oras sa labas ng mga oras ng negosyo, o
- Inaasahan ang 100 o higit pang bisita—sa ganitong kaso, para sa saklaw isang security guard ay kinakailangan sa bawat 100 bisita

Binabayaran ang security ng \$30.24 kada oras na may 5-oras na minimum na \$121

## **Iba pang Security na Kinakailangan**

Mangangailangan ang ilang ganap at aktibidad ng security anuman ang oras o laki ng ganap. Ang mga sumusunod na uri ng ganap at aktibidad ay mangangailangan ng security:

- Anumang ganap na itinuturing na isang “Espesyal na Ganap”
- Mga Repast na Ganap

## **Kinakailangan ng San Francisco Police Department (SFPD) Officer**

Mangangailangan ng isang off duty na SFOD officer ang ilang uri ng ganap. Para sa mga off-duty na mga pulis, kailangang bayaran ng reservation party nang direkta ang SFPD. Kailangang magbigay ng isang kumpirmasyon ng pagbabayad ang reservation party sa tauhan ng SECC. Kailangan ninyong magbigay ng kumpirmasyon nang hindi bababa sa 7 araw bago ang inyong ganap kung hindi ay kakanselahin namin ang reserbasyon. Ang mga sumusunod na parameters ay nangangailangan ng isang SFPD Officer:

- Ganap na inaasahan ang higit sa 200 katao at maghahain ng alak



Services of the San Francisco  
Public Utilities Commission



1550 Evans Avenue  
San Francisco, CA 94124  
T 415.554.3155  
F 415.554.3161  
sfpucc.org/secc

Araw ng Ganap	Takdang Panahon ng Ganap	Laki at Mga Amenities ng Ganap	Bayad na Kinakailangan ng Security
Biyernes	3 PM – 9 PM	70 katao	Oo, 1 security guard para sa 2 oras mula 7 PM – 9 PM
Sabado	12 PM – 6 PM	100 katao	Oo, 1 security guard para sa 6 oras, hindi oras ng negosyo
Martes	1 PM – 7 PM	90 katao	Hindi, Kasama sa loob ng mga oras ng negosyo
Linggo	10 AM – 6 PM	250 katao	Oo, 8 oras, 2 Security guards + SFPD off-duty officer
Miyerkules	10 AM – 4 PM	150 katao	Oo, 1 security guard para sa 6 oras, dahil ang ganap ay lagpas 100 katao

### Mga Espesyal na Ganap

Ituturing ang ilang okasyon bilang "Mga Espesyal na Ganap" depende sa laki, lawak at anumang pribadong paggamit ng common areas para sa isang ganap. Anumang ganap na nakakategorya bilang isang "Espesyal na Ganap" ay napapasailalim ng "Espesyal na Even" na bayad. Ang isang "Espesyal na Ganap" sa loob ng Southeast Community Center (SECC) ay binibigyang kahulugan bilang pagsasapribado ng isang pampublikong area, nangangailangan ng espesyal na kagamitan sa site, kinasasangkutan ng pagbebenta ng alak, fundraisers, paghingi ng mga donasyon, o inaasahan ang higit sa 300 katao. Gayundin, puwedeng bigyang kahulugan ang "Espesyal na Ganap" ayon sa pagpapasya ng SECC leadership. Hindi mapapaunlakan ang ilang mga kahilingan para sa pagrereserba ng common areas sa loob ng mga oras ng negosyo.

Ang mga sumusunod ay mga aktibidad at uri ng ganap na nagti-trigger ng mga patakaran ng espesyal na ganap, hindi kumpleto ang listahan na ito:

- Mga Kasal
- Mga fundraisers (o mga pribadong ganap na nanghihingi ng kahit anong mga donasyon)



- Mga pribadong ganap na nagbebenta ng tickets
- Mga ganap na nangangailangan ng pribadong pag-access (paghigpitan ang access ng publiko) sa mga common areas ng community center
- Mga Concerts
- Mga Ganap ng Korporasyon
- Mga ganap na nagbebenta ng alak (limitado sa mga ganap na na-host ng nonprofit 501(c)(3) na mga organisasyon)
- Mga kumperensya, convention at mga Expos
- Mga ganap na nangangailangan ng pag-fim sa center

### **Patakaran sa Repast**

Ang lahat ng mga kahilingan ng repast ay kailangang mapag-usapan at aprubahan ng Southeast Community Center (SECC) leadership team. Hindi puwedeng i-book online ang mga repast na ganap. Puwedeng limitahan ng SECC leadership team ang bilang ng repast na ganap sa bawat linggo. Ito ay para limitahan ang pagkagambala ng mga pamamaraan ng reserbasyon dahil kakailanganing gumawa ng last-minute na akomodasyon ang tauhan para i-host ang repast. Ang lahat ng mga repast na reserbasyon ay first-come, first-served at naipapailalim sa availability.

Kailangang gawin ang lahat ng mga repast sa Alex Pitcher Pavilion. Habang ito ay mahirap pag-usapan, kinakailangan ng nagreserbang partido na magbigay ng impormasyon sa tauhan ng SECC tungkol sa tao na namatay, at ang kaniyang kamatayan. Sasabihan ang San Francisco Police Department at ang Street Violence Intervention Program tungkol sa lahat ng repast na ganap. Puwedeng piliin na nasa site ang SFPD o Street Violence Intervention Program kung may posibilidad ng karahasan sa ganap para suportahan ang mga bisita at SECC team, nang walang dagdag na bayad sa host.

May karapatan ang SECC na tanggihan ang kahilingan ng pagpapareserba para sa repasts dahil sa mga sumusunod na dahilan (hindi kumpleto):

- May nakaiskedyul nang mga repast na ganap ang SECC sa hinihiling na linggo
- May conflict ang repast na ganap sa ibang ganap sa kaparehong space
- Naunang karanasan sa pamilya o indibidwal na nagrerenta ng center na hindi sumunod sa mga tuntunin at mga regulasyon
- May katwiran ang Direktor ng SECC na magpasya na ang nagreserbang partido o kahit sinong bisita ay, na may koneksyon sa repast, magdudulot ng pisikal na pinsala sa tao o malaking pinsala sa ari-arian

## Mga Kinakailangan para sa Espesyal na Repast

Napapailalim ang mga repast na ganap sa espesyal na mga pangangailangan at kailangang sumang-ayon ang host bago ang pag-host ng ganap. Hindi iho-host ng SECC ang anumang repast na hindi sumang-ayon sa mga sumusunod na polisiya:

- Walang pag-inom ng alak, paninigarilyo o pagva-vape ng kahit ano sa repast na ganap. Kapag nakita ng tauhan ng SECC na hindi sinusunod ang mga tuntunin, kukuhain ang security deposit at ipapatawag ang SFPD kung kinakailangan.
- Ang mga repast na ganap na nangangailangan ng karagdagang security na tauhan para sa kabuuan ng ganap na sagot ng host ang rate ng security na nakita sa sistema ng reserbasyon.
- Kailangang naihanda nang maaga ang lahat ng mga pagkain, walang magluluto ng pagkain sa kusina para sa repast na ganap. Available lamang ang kusina para sa paghahain ng nakahanda nang mga pagkain.
- Kailangang ganapin ang lahat ng repast na ganap Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 8:00 am at 6:00 pm at hindi tatagal nang lagpas 4 oras.
- Hindi puwedeng ganapin ang mga repast na evevnts sa ika-4 na Miyerkules ng bawat buwan dahil magkakaroon ng conflict sa mga pagpupulong nga Komisyon ng SECF.

## Patakan sa Inflatable

Hindi pinahihintulutan ang mga nagrereserbang partido na magdala ng kahit anong anyo ng inflatables.

## Amplified na Tunog

Kailangang humiling ng pag-apruba ang nagrereserbang partido sa Southeast Community Center (SECC) leadership team kung gusto nilang gumamit ng amplified na tunog sa labas ng Alex Pitcher Pavilion.

Para sa kahit anong ibang available na mga espasyo sa loob ng SECC, ang maximum decibel para sa amplified na tunog ay dapat na katulad sa maximum decibel ng available na amplified na tunog sa loob ng SECC. Nangangahulugan ito na kung gusto ng nagrereserbang partido na magdala ng kanilang sariling amplified na tunog na equipment, dapat siguraduhin na ang maximum decibel ay katulad sa maximum decibel para sa available na amplified na tunog na system ng SECC sa mga espasyo na ginagamit ng nagrereserbang partido.

Hindi responsable ang Southeast Community Center para sa kahit anong pinsala sa pandinig na mangyayari sa mga miyembro ng nagrereserbang partido. Resposibilidad ng nagrereserbang partido na sundin ang Artikulo 29 ng San Francisco Police Code. Ang link sa Artikulo 29 ng San Francisco Police Code ay nasa ibaba:

<https://www.sfdph.org/dph/files/ehsdocs/ehsnoise/guidelinesnoiseenforcement.pdf>

Pinapayuhan din ang nagrereresbang partido na basahin ang Occupational Noise Exposure ng Occupational Safety and Health Administration (OSHA). Ang link ay nasa ibaba:

<https://www.osha.gov/noise>

### **Audiovisual (AV) na mga Serbisyo**

Mangyaring makipag-ugnayan sa tauhan ng SECC kung gusto ninyong gumamit ng audiovisual equipment para sa inyong reserbasyon. Nang may nauna kaming pag-apruba, puwede ninyong gamitin ang sarili ninyong audiovisual equipment sa SECC. Hindi namin magagarantiya at hindi kami responsable para sa pagpapagana o paggamit ng ganitong kagamitan o sa kahit anong pinsala na puwedeng mangyari sa kagamitan na may kaugnayan sa paggamit nito o sa presensya sa SECC.

Hindi pinahihintulutan ng SECC ang anumang access sa kanilang AV equipment nang higit sa isang HDMI na koneksiyon sa isang computer o cell phone o microphones. Kailangang sagutin ng host ang anumang karagdagang pangangailangan ng AV. Hindi pinahihintulutan ang mga bisita na gumawa ng karagdagang koneksiyon sa AV systems ng SECC.

### **Mga Dekorasyon at Ibang Nakakabit na Items**

Hindi puwedeng ikabit ang mga item sa mga pader, bintana, sahig, kisame o iba pang surfaces ng Southeast Community Center (SECC) na may tape, madikit na adhesive o anumang bagay na maaaring makapinsala sa surface o mag-iwan ng mga marka. Hindi pinahihintulutang isabit ang mga banner o poster sa labas ng gusali nang walang naunang pag-apruba. Kasama sa mga karagdagang mga ipinagbabawal na mga items ngunit hindi limitado sa confetti, glitter, silly string, helium na mga lobo, bigas, may kulay na buhangin, at mga pampasabog (gender reveals). Ipinagbabawal din ang anumang fog/smoke machines.

### **Open Flames**

Hindi pinahihintulutan ng Southeast Community Center (SECC) ang anumang devices na gumagamit ng open flame para sa dekorasyon o pagluluto maliban sa Sterno food warmers. Ipinagbabawal ang mga kandila, propane-powered na mga panglutong kasangkapan at iba pang kasangkapan na gumagawa ng isang open flame.

### **Patakaran sa Pagkain**

#### ***Kapag Nagpapareserba ng isang Espasyo***

Pinapayagan ang nagrereresbang partido na magadala ng ready-to-eat na pagkain sa site para sa mga reserbasyon sa Southeast Community Center (SECC). Kailangan munang

pirmahan ng nagreserbang partido ang Lungsod ng County ng San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC) Release of Liability at Waiver Form at Authorization for Emergency Medical Care bago magdala ng ready-to-eat na pagkain sa site, at palaging sumunod sa mga regulasyon ng California sa kaligtasan ng pagkain. Available lamang ang kusina ng SECC kapag inireserba ang Alex Pitcher Pavilion.

Puwedeng ireserba ang kusina para sa paghahanda ng pagkain, pagluluto, pag-iinit, at iba pa, ng isang inaprubahang caterer. Para makakuha ng pag-apruba, kailangang magbigay ang caterer ng isang certificate of insurance na nililista ang Lungsod at County ng San Francisco, kasama ang San Francisco Public Utilities Commission bilang isang karagdagang insured para sa hindi bababa sa \$1,000,000. Puwedeng gawin ito ng mga caterer para sa isang ganap o para sa isang pangmatagalang panahon sa pamamagitan ng pagpapanatili ng insurance sa file. Kailangang gamitin ang lahat ng mga kusina sa nireserbang mga oras.

Pinahihintulutan ang pagluluto sa labas, sa parking lot area na kalapit ng kusina. Hindi pinahihintulutan ang pagluluto sa labas, sa sidewalk o kahit anong ibang area ng SECC

### **Kapag Hindi Nagpapareserba ng isang Espasyo**

Kung ang layon ay mag-relax at/o maglaan ng oras para sa pamilya o sa sarili sa kahit anong mga espasyo ng SECC na available sa publiko, welcome ang lahat na magdala ng kanilang sariling ready-to-eat na pagkain kahit hindi nagpapareserba ng isang pribadong space. Puwede lamang magdala ang kahit sino ng hindi lutong pagkain at/o ready-to-eat-food sa barbecue pit at picnic area sa labas ng SECC. Kapag gagamitin ang barbecue pit, kailangan munang mag check-in ng mga gagamit sa security para kuhain ang basket ng ulit at scrapper. Responsibilidad ng mga gagamit ng barbecue pit, at picnic area na linisin ang piniling space para magkaroon ng access ang susunod na gagamit at masiyahan sa isang malinis na barbecue pit at picnic area.

### **Kapag Nagdadala ng mga Inumin**

Ang pinahihintulutan lamang sa Alex Pitcher Pavilion at Amphitheater ay ang manufacturer-sealed na alak. Limitado lamang sa beer at wine ang manufacturer-sealed na alak. Pinahihintulutan sa Southeast Community Center (SECC) ang anumang iba pang manufacturer-sealed o hindi manufacturer-sealed na mga inumin na walang laman na alak o anumang droga na maaaring makalasing sa isang tao.

Nangangailangan ng security ang mga ganap na naghahain ng alak sa kabuuan ng reserbasyon. Ang minimum na reserbasyon ay apat na oras para sa mga ganap na nangangailangan ng security sa halip na tatlong oras. Ang kapamilya, kaibigan, o personal na kakilala na mga pagkakatiyon ay hindi na kakailanganing magbigay ng insurance, pero kailangang pumirma ang Nagreserbang Partido sa **Liquor Liability Waiver at magbayad ng dagdag na halaga ng deposito**. Ang mga negosyo at non-profit na mga organisasyon ay

kailangang magbigay ng certificate of insurance at kinakailangang pumirma sa Liquor Liability Waiver.

Ang sumusunod ay dapat ding masunod kapag nagdadala ng nakalalasing na inumin:

- Lahat ng mga nakalalasing na inumin ay dapat lamang inumin sa loob ng nireserbang area na pinili ng Nagrererembang Partido. Ipinagbabawal ang pag-inom ng nakalalasing na mga inumin sa anumang iba pang area sa loob ng SECC.
- Ang lahat ng mga nakalalasing na inumin ay dapat na madala sa nireserbang area bago ang simula ng ganap at bago dumating ang mga bisita. Walang karagdagang nakalalasing na inumin ang pahihintulutan na madala sa loob ng SECC o sa nireserbang area na pinili ng Nagrererembang Partido pagkatapos magsimula ang ganap.
- Para sa mga ganap ng mga miyembro ng komunidad, isang taong nasa hustong gulang ang dapat na may kontrol sa paghahain ng nakalalasing na inumin sa ganap.
- Dapat ay maibigay ang lahat ng mga nakalalasing na inumin sa isang bar unit sa mga indibidwal na serving n clear compostable cups lamang. Walang babasagin na lalagyan o lata ang puwedeng gamitin para sa paghahain ng inumin. Ang Nagrererembang Partido lamang ang puwedeng magdala ng sarili nilang reusable cups kung gusto ng Nagrererembang Partido na gumamit ng anumang baso maliban sa clear compostable cups.
- Para sa mga ganap na hino-host ng kahit sino maliban sa isang miyembro ng komunidad, isang lisensyadong caterer ng California Department of Alcoholic Beverage Control lamang ang maaaring maghain ng mga nakalalasing na inumin. Ipinagbabawal ng batas ng Estado ang pagbebenta ng nakakalasing na inumin nang walang lisensya.
- Ipinagbabawal ng batas ng Estado ang paghahain ng nakakalasing na inumin sa mga lasing na tao at mga menor de edad. Legal na pananagutan ng Nagrererembang Partido o mga sponsor na harapin ang mga aksiyon ng (mga) lasing na tao at nararapat na magbigay ng transportasyon pauwi para sa (mga) taong lasing.
- Hindi maaaring ihain o ibenta ang mga nakalalasing na inumin sa kahit sino na wala pang 21 taong gulang. Pananagutan ng mga nasa hustong gulang na nasa Nagrererembang Partido (hindi ang mga caterer o anumang team ng SECC) na siguraduhin na ang mga wala pang 21 taong gulang ay hindi iinom ng alak habang nasa pasilidad ng SECC sa kahit anong oras. Maipapaliwanag ang mga kundisyon para sa paghahain ng alak sa alcohol permit at dapat na maibigay sa opisina ng Permits and Reservations and Park Patrol. Para sa higit pang impormasyon bisitahin ang page ng Departamento ng Alcoholic Beverage Control.

## **Kapag Nagbebenta ng mga Nakalalasing na Inumin**

Ang mga organisasyon na kuwalipikado bilang isang not-for-profit, tax-exempt na organisasyon sa ilalim ng seksyon 501(c)(3) ng Internal Revenue Code ay maaaring mag-apply para sa isang 24-oras na alcohol beverage sale permit mula sa Departamento ng Alcoholic Beverage Control ng California kung magkakaroon ng pagbebenta ng mga nakalalasing na alak.

### **Paano Makakuha ng Permit**

Kakailanganin ninyong makipag-ugnayan sa Departamento ng Alcoholic Beverage Control para sa kinakailangang permit ng nakalalasing na inumin:

33 New Montgomery

Suite 1230

San Francisco, CA 94104

Telepono: 415-356-6500

Puwede rin ninyong ma-access ang Departamento ng Alcoholic Beverage Control ng California nang online sa

<https://www.abc.ca.gov/licensing/license-forms/form-abc-221-instructions/>

Hindi puwedeng ibenta nang direkta ang alak sa mga dumadalo ng ganap sa SECC sa ganap ng isang miyembro ng komunidad o for-profit entity-organized (ibig sabihin, hindi pinahihintulutan ang cash bars).

### **Paglilinis Pagkatapos Gamitin ang Nireserbang Espasyo**

Ibabalik ng nagreserbang partido ang nireserbang area sa orihinal nitong kondisyon. Dapat na ilagay sa bag ang lahat ng munisipal na solid na basura at ilagay sa tambakan ng basura sa site. Inirerekomenda namin sa nagreserbang partido na magdala ng sarili nilang lagayan ng basura at mga panlinis.

### **Paggawa ng Pelikula, Video at Larawan**

Nangangailangan ng isang Film Permit ang lahat ng komersiyal na pelikula, video, o photo production (Pelikula) sa Southeast Community Center property. Binibigyang kahulugan ang paggawa ng komersiyal na pelikula bilang kahit anong aktibidad na nagreresulta ng isang pelikula, video o litrato na ibinibenta, o kahit anong aktibidad na kinasasangkutan ng pagkuha ng pelikula o larawan kung saan binabayaran ang tauhan at/o talent. Kasama rito ang mga negosyo, for-profit, at non-profit na productions. Kasama rin dito ang kasal o mga larawan ng ganap kung binabayaran ang photographer. Hindi kasama dito ang photography o video na pang personal na gamit. Subalit, ang paggamit ng tripods kahit para sa pang personal na

gamit ay pinaghihigpitan sa pasilidad ng SECC maliban na kung ginagamit ito sa loob ng isang nirerbang espasyo ng SECC o sa labas ng mga gusali ng SECC. Subalit, kung ang buong pasilidad ng SECC ay niretahan ng nagreserbang partido, responsable ang nagreserbang partido para sa kahit anong trip hazards o kahit anong pangyayari na may kaugnayan sa paggamit ng tripod. Mangyaring maglaan ng hindi baba sa karagdagang 10 araw ng negosyo para maiproseso ang isang Film permit. Maibibigay ang Film Permit sa photographer/videographer o production manager, ayon sa naaangkop.

### **Patakaran sa Parking**

Limitado ang available na parking sa site. Nasa first come first serve na ayos ang parking. Lubos naming hinihikayat ang mga panauhin na gumamit ng pampublikong transportasyon o pumarada sa kalye. Ang mga sasakyan sa parking lot ay dapat legal na nakaparada at hindi nahaharangan ang mga fire lanes. Ang mga ilegal na nakaparadang sasakyan ay maaaring mabigyan ng ticket at ma-tow.

### **Pagkakansela ng Pinareserbang Espasyo**

Ang nasa ibaba ay ang overview ng aming pataran sa pagkakansela. Kung kinansela ang isang reserbasyon ng nagreserbang partido sa loob ng mga panahon na ito, matatanggap muli ng nagreserbang partido ang porsyento ng inyong deposito at mga bayad.

	<b>Mahigit sa 14 araw</b>	<b>7 - 13 araw</b>	<b>2 - 6 araw</b>	<b>Wala pang 48 na oras</b>
<b>Deposito</b>	Ganap na maire-refund	50%	25%	Hindi na maire-refund
<b>Mga Bayad</b>	Ganap na maire-refund	50%	25%	25%

### **Force Majeure**

Ang lungsod at County ng San Francisco, kasama ang San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC) at ang Southeast Community Center (SECC), ay hindi mananagot para sa pagkakansela ng isang reserbasyon kung ang kanselasyon ay isang resulta ng natural na kalamidad (kasama ang sunog, baha, lindol, bagyo, snow o iba pang natural na pangyayari), o ang mga ganap ay hindi na kontrolado ng SECC (kasama ang mga labanan, pagtatalo sa paggawa, strike, lockout, kaayusan ng kalusugan ng publiko, o pagkaputol o pagkawala ng kuryente, tubig, kanal, koneksiyon ng data, serbisyo ng telepono, o iba pang ibang ganap na nagresulta ng pansamantala o permanenteng pagsasara ng SECC). Sa

ganitong pangyayari, makikipagtulungan ang tauhan ng SECC sa nagrereserbang partido nang may mabuting loob upang muling iiskedyul ang reserbasyon nang walang karagdagang bayad; sa kondisyon, na kung hindi magkaroon ng kasunduan sa isa't isa ang tauhan ng SECC at ang nagrereserbang partido sa isang muling iniskedyul na petsa sa loob ng 30 araw pagkatapos ng orihinal na petsa ng ganap, kung gayon ay makatatanggap ng buong refund ang nagrereserbang partido ng lahat ng ibinayad sa SECC. Hindi mananagot sa kahit anong kaso ang Lungsod at County ng San Francisco sa nagrereserbang partido para sa kahit anong karagdagang bayad o pinsala na maidudulot mula sa muling pag-iiskedyul o pagkakansela ng reserbasyon.

### **Patakaran sa Pagpapareserba**

- A. Ang SFPUC, SECC, at/o security staff ay maaaring pumunta sa kahit anong ganap na nireserba ng publiko (maliban sa legal na executive sessions ng mga katawan ng gobyerno) para patunayang walang iligal na mga aktibidad ang nangyayari sa lugar.
- B. Napapailalim ang mga puwedeng ireserbang espasyo sa naka-post na mga limitasyon ng pag-okupa at sisiguraduhin ng Nagrereserbang Partido na sumusunod sa limitasyon ang kanilang mga bisita.

### **Personal na Pinsala at Waiver ng Pagkilala**

Nangangailangan ang lahat ng mga reserbasyon ng waiver ng liability at indemnity na pinirmahan ng Nagrereserbang Partido. Para sa mga reserbasyon na ginawa nang personal o sa telepono, ang pagkabigo na maibigay ito sa loob ng pitong araw ng paghiling ng pagpapareserba ay magresulta ng pagkakansela ng reserbasyon.

### **Pinsala sa Ari-arian**

- A. Puwedeng kumuha ng makatarungang reimbursement ang SECC mula sa Nagrereserbang Partido para sa mga bayad na naging dulot ng paggamit ng Nagrereserbang Partido ng SECC at pinsala sa SECC na naibunga ng paggamit ng Nagrereserbang Partido ng SECC.
- B. Pagtataya ng mga pinsala – Tatayahin ng piniling vendor ng SFPUC at tauhan ng SECC ang halaga ng reimbursement para sa mga pinsala. Magbibigay ng kotasyon ang vendor para sa pagsasaayos ng pinsala at responsibilidad ng Nagrereserbang Partido ang pagbabayad para sa buong gastos ng kotasyon ng advance na trabaho na ginawa at magbabayad ng karagdagang aktuwal na mga gastos sa pagtatapos ng trabaho.
- C. Intensiyonal na Pinsala – Kung ang ari-arian, kagamitan, amenities, at iba pa ay ginawang hindi na magagamit pagkatapos gamitin, hihingi ng reimbursement ang SECC mula sa gumawa nito. Ang mga kilos na nagresulta o pagkakaroon ng potensyal na magdulot ng intensiyonal na pinsala ay magbubunga ng isa o hindi pa sa



mga sumusunod: naka-archive/suspindidong mga accounts; invoice para sa lahat ng mga pinsalang natamo.

- D. Sa pangyayari ng isang matinding pagkakasala, may karapatan ang SFPUC at SECC na permanenteng i-ban ang sinomang indibidwal o organisasyon na gumawa ng malubhang pinsala sa ari-arian, mapanganib na mga kilos, ilegal at/o mahahalay na gawain o nagpareserba kung saan ito nangyari.
- E. Magbubunga ng pansamantalang pag-ban ang bawat insidente hanggang sa masuri ng direktor ng SECC at komisyon ng SECC (korum ng komisyon ng miyembro ng katawan) na magdesisyon kung ang paglabag ay magdudulot ng pag-ban sa Nagrereserbang Partido at sa indibidwal na gumawa ng pinsala sa pasilidad.

### **Kodigo ng Pag-asal**

Ang paggawa ng kahit anong aksyon sa ibaba ay magbubunga ng suspensiyon o pagpapatalsik sa SECC depende sa kalubhaan ng paglabag. Ituturing ang bawat paglabag sa isang case-by-case na basehan ng seguridad, tauhan ng SECC, at/o tauhan ng SFPUC. Magresulta ang bawat kaso sa pagka-invoice, suspensyon, at/o pagka-archive ng membership ng Reservation Party.

- A. Pisikal o pasalitang pananakot o panggugulo sa isang tao sa kahit anong paraan.
- B. Paggamit ng tahasang seksuwal na wika, malalaswang kilos o panunuya sa lahi, relihiyon, etniko, o nakabase-sa-kasarian na malamang na makakagalit o makakaistorbo sa kapayaan ng tauhan, mga kliyente, mga boluntaryo, o mga bisita.
- C. Pagsasagawa ng seksuwal na kilos.
- D. Pagdumi, pagpinsala, o pagsira ng ari-arian.
- E. Pagmamay-ari, paggamit, o pagbebenta ng iligal na droga, mga armas, o kontrabando.
- F. Ipinagbabawal ang pagkakaroon o pag-inom ng alak maliban na kung may kasunduang ginawa sa tauhan ng SECC.
- G. Panghihingi, para sa kahit anong layunin, kasama ang panghihingi ng pera, kontribusyon, o mga donasyon maliban na kung ang ganitong aktibidad ay inaprubahan ng SECC.
- H. Ang pagtitipon para sa layunin ng paggambala sa kapayaan ng publiko; paggawa ng labag sa batas; pag-aaway, pang-iinis sa iba sa pamamagitan ng ingay o maingay na mga aktibidad, o sa kahit anong paraan na paggawa ng kaguluhan o mapanganib para sa iba o sa mga aktibidad ng negosyo ng SECC ay susuriin sa pagpapasiya ng tauhan/security ng SECC.
- I. Pagtakbo, pag-skate, paggamit ng rollerblade, paggamit ng skateboard, pagbibisikleta o kung hindi man ay humahadlang o nakakasagal sa daloy ng traffic ng pedestrian

- J. Pagbato, pagtatapon, o pagdedeposito ng anumang papel, salamin, o iba pang bagay maliban sa itinalagang tapunan ng basura
- K. Pagkabigo na pagkakaroon ng kumpletong damit o pagsusuot ng damit na maaaring mag-udyok ng kaguluhan sa ibang mga grupo o publiko
- L. Pagdadala ng mga hayop sa ari-arian ng SECC, maliban sa dokumentadong service animals na kasama, at sinanay para tumulong, sa mga taong may kakaibang kakayahan
- M. Pagpasok sa hindi para sa publikong access areas katulad ng bubong, areas na para sa tauhan lamang, breakroom, pribadong ganap, at iba pa.
- N. Walang paninigarilyo, pag-vape, o iba pang katulad na aktibidad sa lugar.
- O. Paggamit ng pabango sa site kasama pero hindi limitado sa pabango, mga kandila, at insenso nang walang paunang pag-apruba ng SECC management.
- P. Paggamit ng mga pasilidad ng SECC na hindi ayon sa layon ng paggamit nito.

### **Pagsunod sa mga Batas; Mga pagbabayad ng Third Parties sa Nagrereserbang Partido; Paghihigpit sa mga Politikal na Aktibidad**

Sumasang-ayon ang Reserving Part, sa paggamit nila ng nireserbang space, dapat na sumunod sa, sumusunod sa, at mananatili sa pagsunod sa mga batas ng Estados Unidos at ang Estado ng California, ang Lungsod at County ng San Francisco at mga tuntunin at mga regulasyon ng lahat ng mga lupon at kawanihan ng pamahalaang nasasakupan. Ang pagkabigo sa pagsunod sa probisyon na ito ay magiging batayan para sa pagwawakas ng ganap.

Ang paggamit ng SECC para sa isang ganap na may admission charge, o pagbebenta ng kahit anong item, o panghihingi o paghiling ng kahit anong kontribusyon para sa kahit anong dahilan ng layunin, ay mahigpit na ipinagbabawal maliban na kung ang Nagrereserbang Partido ay isang ahensiya ng gobyerno o isang kwalipikado bilang isang not-for-profit, tax-exempt na organisasyon sa ilalim ng 501(c)(3) ng Internal Revenue Code.

Puwedeng isagawa ang mga politikal na kampanya sa Southeast Community Center sa kondisyon na ang mga politikal na kampanya “(1) walang partisan na aktibidad na politikal habang nasa duty, sa isang federal na pasilidad, suot ang isang uniporme o opisyal na sagisag, o paggamit ng isang sasakyan ng gobyerno; (2) walang panghihingi, pagtanggap o pagkuha ng mga politikal na kontribusyon sa kahit anong oras; at (3) walang paggamit ng opisyal na awtoridad o impluwensiya, kasama ang paggamit ng opisyal na titulo, para maapektuhan ang resulta ng isang eleksiyon.” Ang link sa quote ay nasa ibaba:

[https://www.justice.gov/jmd/political-activities#:~:text=\(1\)%20no%20partisan%20political%20activity,official%20title%2C%20to%20affect%20the](https://www.justice.gov/jmd/political-activities#:~:text=(1)%20no%20partisan%20political%20activity,official%20title%2C%20to%20affect%20the)



Services of the San Francisco  
Public Utilities Commission



1550 Evans Avenue  
San Francisco, CA 94124  
T 415.554.3155  
F 415.554.3161  
sfpuc.org/secc

**Sa pagpirma sa ibaba, sumasang-ayon kayo na sumunod sa lahat ng mga polisiya, mga pamamaraan, at mga pagkilala na ibinigay sa dokumentong ito at sa pagsasagawa ng karagdagang kasunduan at mga waiver na inilarawan dito para makumpleto ang inyong pagpapareserba.**